# Isang Plano para sa Pangangalaga at Pagkakataon




## Ontario Budget 2018: Top 10 Highlights

Kabilang sa plano ng probinsiya ang mga malaking bagong investment sa health care, child care, home care, at mental health, at mga bagong panukalang-batas upang makapagbigay ng mas maraming oportunidad para sa mga tao sa buong probinsiya. Kabilang sa highlights ang:



### 1. Libreng De-resetang Gamot para sa Lahat ng Taong 65 Taong-Gulang at Mas Matanda sa pamamagitan ng OHIP+

Gagawing libre ang mga de-resetang gamot para sa lahat ng taong 65-taong-gulang at mas matanda, upang siguraduhin na walang maiiwang senior citizen at makukuha nilang lahat ang mga gamot na kinakailangan nila. Ang karaniwang senior sa Ontario ay makatitipid ng $240 bawat taon dahil aalisin ang Ontario Drug Benefit annual deductible at co-pay. Sinusundan ng expansion ng OHIP+ na ito ang pagsimula sa *2017 Ontario Budget* ng mga libreng de-resetang gamot para sa lahat ng taong wala pang 25 taong-gulang.



### 2. Karagdagang Child Care, Karagdagang Choice

Ang preschool child care ay gagawing libre para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makakapasok na sa kindergarten upang gawing mas abot-kaya ang mahusay na child care. Ang isang pamilyang may isang anak ay makatitipid ng $17,000 sa karaniwan, at ito'y maidaragdag sa naiipon ng pamilya mula sa full-day kindergarten. Naipakita na pinahuhusay ng early learning ang kakayahan ng mga bata na matuto sa kanilang buong buhay.



### 3. Ang Bagong Ontario Drug and Dental Program

Sisimulan ang bagong Ontario Drug and Dental Program, kung saan magbibigay ng 80 porsiyentong reimbursement; ito'y hanggang $400 para sa bawat single na tao, $600 para sa bawat couple, at $700 para sa apat-na-kataong pamilyang may dalawang anak, para sa eligible na gastos sa de-resetang gamot at dentista bawat taon, para sa mga taong walang health benefits sa kanilang mga lugar ng trabaho o hindi covered ng OHIP+ o iba pang government program.



### 4. Seniors' Healthy Home Program

Sisimulan ang bagong Seniors' Healthy Home Program. Ipinapakita nito na nalalamang may mga gastos kapag naninirahan ang mga matatanda sa tahanan, kung saan nila gustong manatili. Ito'y magbibigay ng benefit na magkakahalaga ng hanggang $750 bawat taon para sa mga eligible household na pinamumunuan ng seniors na 75 taong-gulang at mas matanda, upang matulungan silang mamuhay nang hindi umaasa sa iba at upang ma-offset ang mga gastos sa pagmintina ng kanilang mga tahanan.



### 5. Mas Matatag na mga Ospital, Mas Mahusay na Pangangalaga

Pahuhusayin ang mga ospital sa pamamagitan ng pagbigay ng mas mabuting access sa health care, pagbawas sa katagalan ng paghihintay, pagtugon sa mga problema ng kapasidad, at mas mabuting pagtugon sa mga pangangailangan ng lumalaki at tumatandang populasyon ng Ontario sa pamamagitan ng karagdagang $822-milyong investment sa 2018–19, at pag-invest ng humigit-kumulang sa $19 bilyon sa loob ng 10-taong panahon upang magtayo at mag-renovate ng mga ospital.



### 6. Mahalaga ang Mental Health

Maglalaan ng mas mabuti at mas mabilis na access sa mga serbisyo sa mental health at addiction para sa daan-daang libu-libong karagdagang mga bata, kabataan, at adults sa buong Ontario; ang kabuuang funding ay magkakahalaga ng mahigit sa $17 bilyon sa loob ng apat-na-taong panahon.



### 7. Home Care para sa Seniors

Maglalaan ng karagdagang access sa home at community health care services, kabilang ang 2.8 milyong karagdagang oras ng personal na suporta at 284,000 karagdagang pagbisita ng mga nars sa pamamagitan ng isang $650 milyong investment sa loob ng tatlong-taong panahon.



### 8. Aalisin ang mga Hadlang para sa mga Indibidwal na may Developmental Disabilities

Magtatatag ng mas pantay na lipunan sa pamamagitan ng pag-invest ng $1.8 bilyon upang pahusayin ang mga serbisyo para sa humigit-kumulang sa 47,000 adults na may developmental disabilities sa pamamagitan ng pagbigay ng pagkakataong magkaroon ng mga may-kaalamang desisyon at aktibong paglahok sa komunidad.



### 9. Libreng Tuition Para Sa Mga Estudyante Bilang Suporta sa Kanilang Pagtagumpay

Ginagawang libre ang tuition para sa kolehiyo at unibersidad para sa mahigit sa 225,000 estudyante, anuman ang kanilang edad. Ang libre o mababang tuition ay available para sa mga estudyante mula sa mga low at middle-income na pamilya; ang tuition ay libre para sa mga estudyante mula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang $90,000, at ang mga estudyanteng nagmumula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang $175,000 ay eligible ding makatanggap ng financial aid.



### 10. Itinataas ang Minimum Wage at Lumilikha ng Mahuhusay na Trabaho

Ibinibigay ang matagal nang hinihintay na pagtaas ng suweldo para sa 1.2 milyong katao sa buong Ontario sa pamamagitan ng pagtaas sa minimum wage; ito'y itinaas at naging $14 bawat oras noong Enero 1, 2018, at gagawing $15 bawat oras sa Enero 1, 2019. Ang probinsiya ay naglalaan din ng $935 milyong bagong funding sa loob ng tatlong-taong panahon sa pamamagitan ng Good Jobs and Growth Plan upang suportahan ang mga negosyo, mga estudyante, at mga graduate sa Ontario, at upang makaakit ng mahuhusay na trabahong may mabuting suweldo.